Wala siyang katiwa-tiwala sa kanyang alaala. Lalo pa't hindi naman talaga ito idinisenyo sa hapag at kusina. Sa mabilis na sipat nga, nalilito pa siya sa kung alin ang sibuyas at bawang. Sa isang tikim, napag-iiba-iba niya rin ang afitada sa menudo at mechado. Lalo pa sa iba pang luto ng gulay at isda, talagang nagkakalabo-labo na. Ang kilala niya lang ay itlog, hotdog, pancit canton, noodles, sardinas, tuna (na nasa lata), at iba pang pagkain na alam na alam niya ang uniberso at kayang kaya niyang lutuin.

Dala ang bakanteng bayong, naglalaglag na lang sa saod si Cecile. Alam niyang bago makapananghali lang ay dadaong na ang lantsa at ilang saglit pa ay nasa tarangkahan na nila ang kanyang mga biyenang. Dalawang bagay ang tinutumbok ng kanyang pag-iisip, una ang pag-alaala sa laman ng listahan ni Aling Sima. Kung ilang piraso o tumpok ang ganito at ganyan, kung ilang kilo ang ganitong isda, o kung paano ang hiwa sa ganyang taba. Pangalawa, ibang solusyon. Bibili na lang ba siya ng luto nang ulam sa mga karinderya, tatawagan ang asawa para sabihing sa labas na lang kumain, o makipagsapalaran sa mga naaalala niyang listahan. Hanggang sa sininok na lang siya kaiisip sa kung paano pakakainin ang mga biyenang. Alam na alam niya kasi na maghahanap ito ng makakain pagdating. At hindi lang basta makakain. Malamang ang mga hahanapin nito ay iyong mga pagkain na hindi nila nakakain sa Maynila. Kaya nga sa menu na inihahanda nila ni Aling Sima kahapon ay panay sea foods ang nakalista. Lalo pa at hindi malilimutan ni Cecile ang nag-iisang bilin ng kanyang biyenang babae sa kanya bago pa man sila lumagay sa tahimik dito sa isla, 'wag mong gugutumin si Jerwin. Sa lusog ni Jerwin, hindi naman talaga siya mukhang ginugutom dito. Pero, siyempre hindi naman siya ang nagpapakain dito. Panay lutong ulam sa

Ano ba kasi ang pangangailangan sa pagpapasikat? Naitanong niya rin. Wala namang sinabi si Jerwin na magpasikat siya sa kanyang mga magulang. Na magluto siya, na kailangan niyang makuha ang loob ng mga magulang niya. Hindi pa ba? Sa totoo, ayos naman ang pakikitungo sa kanya ng pamilya ng asawa niya. Sa tantya niya nga, mas magaan ang loob sa kanya ng mga magulang nito kumpara sa ibang asawa

ito.

Pinagpapawisan na siya ng malamig. Lintik na listahan naman kasi iyan, napapamura na siya sa isip at nakakadalawang ikot na rin siya sa mga pasilyo ng saod. Dumukot na muna siya ng barya para bumili ng samalamig sa isa sa mga tindahan. Pampapawi ng uhaw at ng takot na rin. Nasa base 1 pa lang siya ng pagpapasikat sa kanyang mga biyenan, nagkaberya na agad. Ni hindi niya pa nga sigurado kung masarap niyang maluluto ang mga mapamimili niya, at lalong hindi niya pa alam kung makakapasa ba ito sa panlasa man lang ng kanyang asawa at higit sa lahat sa kanyang mga biyenan. At kung masarap ay lalong nakakatakot, sa isip ni Cecile. Maghahanap ng mga kasunod pang masasarap na lutin. Mas ayos na ang pumalya sa una sa palagay niya. Hindi na asawa ng mga kasunod ang mga itikim sa luto niya. Birubiruan nga dati ng mga ka-batch niya. Wag na wag daw gisinging ng magaga at magluluto ng almusal matapos ang araw ng kasal. Ito raw kasi ang magiging pamantayan ng mga kasunod na umaga. Mabuhi at nasa hotel sila noonng unang umaga nila bilang mag-asawa. Walaing pagpapanggap sa paggising nang magaga at sa pagluluto. Ewan nga ba niya at bakit pa kasi pumayag ang asawa niya na magising kusinero siya sa araw na

magtrabaho ng kanyang asawa.

karinderya o kaya kain sa labas ang bumbusog dito, sa kanilang mag-asawa. Alam naman kasi ni Cecile na hindi lang ito tungkol sa "pagkabusog" ni Jerwin. Ang gusto naman talagang sabihin ng nanay ng asawa niya ay mag-aral siya ng gawaling bahay, na pagsilbihin niya ang anak niya. Iyon kasi ang lohika niya sa pagiging asawa. Palibhasa ay retiradong heneral ang kanyang biyanang lalaki kaya hindi na kailangang

ang ilalagi sa isla ng kanilang bisita. Makagagawa pa ulit si Aling Sima ng bagong hindi na muna kasing garbo noon. Baka sa ibang araw na lang. Isang linggo naman sa kanila na ring mag-asawa. Kahit hindi na muna iyong itinuro ni Aling Sima kahapon, pangangailangan na lang na may malipalamanan tiyan sila sa kanilang mga bisita at lang bastang pagpapasikat sa kanyang mga biyenan, kundi ang simpleng Pagkatapos ng pangatlong ikot sa pasilyo, ang inisip na niya ngayon ay hindi na

muna ng masarap na putaha.

maibigay sa kanyang mga biyenan, heto na muna, ilang pagtatangka makabuo na lang nila ay hindi pa ibinibigay at matipid na ngiti. Kaya habang wala pang apong nang sige. Kapag tinatanong sila kung bakit wala pa silang anak, ang palaging sagot dahil sa takot na malaman na hindi talaga daddating ang hinihintay nila. Kaya, sige lang sila ng mundo. Hindi pa naman pumapasok sa isip nila ang pagpapatingin sa doktor Pagkatapos nang tawag na iyon, doon na lang sila nakaramdam na napag-iwangan na tree. Wala namang isyu sa kabilang pamilya dahil nag-iisang anak lang si Cecile. kapatid ni Jerwin. Na siya na lang sa limang magkakapatid ang walaing bunga sa family magiging na lang sila sa isang tawag mula sa Maynila na nanganak na ang bunsang nila, sabi nila ay sagitt lang muna. Hinaay-hinay at wala namang nagmamadali. Pero na hangga't may pagkakatagan bubuo at bubuo pa rin. Noong unang tatlong taon kasi mailap. Wala pa naman siyang kwarenta, sila ng asawa niya. Kaya nasa yugto pa sila rin siya kapag nasasagi ito sa anumang usapin. Sinusubukan naman nila, pero talagang ba ang hugot niya sa pagiging kangkarot niya sa pagpapakitang gilas? Natitigilan pa Jerwin ay wala pa rin siyang maibigay na anak, na apo sa kanyang mga biyenan. Ito ay hindi niya namamalan talaga kaya. O baka dahil maglilingang taon na silang kasal ni atibida lang siya sa pagpapakitang gilas ng mga kaya niyang gawin. Na kung tutuusin lang, hindi namamalan ni minsan nagpakita ng masamang tinapay sa kaya. Talagang palagi nilang binubugdahan ng apoy ay ang asawa ng kanilang mga anak. Na sa totoo palaging ubod ng sungit ng mga biyenan na parang hindi mapamang dragon at ang ng mga kapatid niya. Baka nasobrahan lang sa kanonood ng mga teleserye. Iyon bang

Ano ba kasi ang pangangailangan sa pagpapasikat? Natitanonng niya rin. Wala namang sinabi si Jerwin na magpasikat siya sa kanyang mga magulang. Na magluto siya, na kailangan niyang makuha ang loob ng mga magulang niya. Hindi pa ba? Sa fotoo, ayos naman ang pakikitungo sa kanya ng pamilya ng asawa niya. Sa tantya niya nga, mas magaan ang loob sa kanya ng mga magulang nito kumpara sa ibang asawa

ito.

Pinagpapawisan na siya ng malamig. Lintik na listahan naman kasi iyan, napapamura na siya sa sip at nakakadalawang ikot na rin siya sa mga pasilyo ng saod. Dumukot na muna siya ng barya para bumili ng samalamig sa isa sa mga tindahan. Pampapawi ng uhaw at ng takot na rin. Nasa base 1 pa lang siya ng pagpapasikat sa kanyang mga biyenan, nagkaberya na agad. Ni hindi niya pa nga sigurado kung masarap niyang mailuto ang mga mapamili niya, at lalong hindi niya pa alam kung makakapasa ba ito sa panlasa man lang ng kanyang asawa at higit sa lahat sa kanyang mga biyenan. At kung masarap ay lalong nakakatatakot, sa sip ni Cecile. Maghahanap ng mga kasunod pang masasarap na lutuin. Mas ayos na ang pumalya sa una sa palagay niya. Hindi na asawa ng mga kasunod ang mga titikim sa luto niya. Birubiruan nga dati ng mga ka-batch niya. Wag na wag daw gisinging ng magaga at magluto ng almusal matapos ang araw ng kasal. Ito raw kasi ang magiging pamantayan ng mga kasunod na umaga. Mabuti at nasa hotel sila noong unang umaga nila bilang mag-asawa. Walaing pagpapanggap sa paggising nang magaga at sa pagluto. Ewan nga ba niya at bakit pa kasi pumayag ang asawa niya na maging kusinero siya sa araw na

magtrabaho ng kanyang asawa.

karinderya o kaya kain sa labas ang bumbusog dito, sa kanilang mag-asawa. Alam naman kasi ni Cecile na hindi lang ito tungkol sa "pagkabusog" ni Jerwin. Ang gusto naman talagang sabihin ng nanay ng asawa niya ay mag-ardal siya ng gawing bahay, na pagsilbihin niya ang anak niya. Iyon kasi ang lohika niya sa pagiging asawa. Palibhasa ay retiradong heneral ang kanyang biyenang lalaki kaya hindi na kailangang

listahan ng mga rekados. Kahit iyong mga dati niyang napag-aralang putahe na lang. 'Yong kahit papaano ay na-master na niya ang proseso ng paghahanda at pagluluto. 'Yong kahit na walang listahan ay kaya niyang bilhin at tantyahin kung ilang piraso at tumpok o kilo ng ganito at ganyan. At 'yong kahit pa wala si Aling Sima sa kanyang tabi ay makatatayo na siya at kayang kaya na niyang lutuin. Sa pang-apat na ikot niya sa mga pasilyo ng saod ay napunan na ang kanyang bitbit na bayong.

Noong magbabayad na siya sa tricycle driver binunot niya ang barya mula sa kanyang bulsa at doon sumama ang maliit na papel- listahan ng mga rekado mula kay Aling Sima. Napatingin na lang siya sa bigat ng bayong.

Walang tao sa bahay. Si Jerwin, dala ang kotse at susunduin ang kanyang mga magulang sa pier. Kaya solong solo ni Cecile ang buong kusina, ang buong bahay. Malayang malaya siya sa isasagawang operasyon sa kusina. Itinaktak niya sa lamesa ang lahat ng napamiling rekados. At parang pagpipinta, binuo niya sa kanbas ng mga kaserola at kawali ang kanyang obra. Matimpiin ang pagpihit sa kalan, inaalalayan ang buga ng apoy. Hindi masyadong mainit para hindi matupok ang mga rekados. Tanyado ang paggayat sa karne. Pino kung hiwain sa maliliit na bahagi. May sining sa pagbubudbos ng asin at iba pang pampalasa. Maingat at maalaga kung paano isinasalang ang mga laman. Mahinahon sa paghahalo sa pamamagitan ng sandok. Sa muli niyang pagpihit pasara ng kalan, naramdaman niya ang kanyang kabuuan. At bago pa man iluwal ng pinto ang mga magulang ni Jerwin ay nakadapo na sa hapag ang kanilang pananghalian. Tumambad sa kanila ang kung ilang mangkok ng dinuguan. Napalunok man, napangiti pa rin si Jerwin sa kanyang asawa.

II.

Hindi pa man pumuputok ang araw, palaisipan na para kay Inggó kung paano isasauli sa saod ang nabiling itlog. Hetó at dála niya sa kapirasong plastic labo ang apat

na piraso ng itlog. Papasara na ang mga tindahan sa saod kagabi nang suguin siya ng kanyang Tiyang Linda sa palengke para bumili ng limang pirasong itlog. Nasa laot pa kasi ang kanyang Tiyo Mario, kaya wala pang maaasahang langsa ng isda sa kanilang hapag. O kahit ng kaunting rangya sa pagbili ng lutong ulam sa karinderya. Lalo pang inabot ng toyo ang kanyang tiyang nang makitang namimilog na naman ang buwan sa ibabaw ng kanilang bubungan, malamang mas matagalan pa sa laot ang kanyang asawa at ang mga isdang maiuwi nito. Kaya naman namilog din sa kanyang isipan kung ano ang ipapakain sa mga bibig sa paligid niya na lahat ay pamangkin ng kanyang asawa mula sa iba't ibang kapatid. Edi, itlog na lang muna, pambibilog ng isip niya. Hindi gaanong magagalusan ang kanyang balsa sa kung ilang piraso ng itlog at mas makakakain pa ang lahat. Lalo pa at wala pang katiyakan kung kailan makakauwi ang kanyang mangingisdang asawa. Mabuti at mayroon pa namang bigas sa sangkalan. Kaya mabilis at paamba niyang iniabot ang salapi kay Ingggo, ang pinakamatanda sa lahat ng pamangkin niya na nasa kanilang poder.

Namimilog din sa isip ni Ingggo ang maraming bagay. Paano ko patutunayan na ako 'yong bumili sa tindahan nila Aling Nena, e wala siya kagabi at hindi ko maalala 'yong hitsura ng bago niyang tintera. Wala namang ibinigay na resibo. Sino naman ang hihingi ng resibo para sa limang pirasong itlog? Baka masigawan pa siya ni Aling Nena pag nagkataon. Ang lahat ng ito ay pumapalibot sa kanyang isipan. Parang 'yong laro nila sa eskwela noong isang buwan. Magkakakapit-kamay sila at bumubuo ng malaking malaking bilog tapos magdidikit-dikit na parang sumasarang bulaklak, para lumiit nang lumiit at muling maghihiwalay para muli na namang lumaki nang lumaki ang bilog. Ganun na ganun ang utak niya ngayon, maging ang puso niya, salitan sa pagpintig. Itlog. Itlog Itlog. Mabilis na pumapasok sa isip niya ang iba't ibang alaala tungkol sa itlog. Bakit hindi, e sa araw-araw na ginawa ng Diyos, itlog ang baon niya sa eskwela. Salamat na rin lang at maaaring iba-ibahin ang luto sa itlog. Pwedeng nilaga, binate, nilagyan ng sibuyas, ng kamatis, at kung maalwan nang kaunti ay maaaring lahukan ng giniling o hotdog. Pero ang pinakapaborito niya sa lahat— sunny side up. Maingat siya kung

magluto noon. Palagi dapat tiyak na tamang tama lang ang init ng apoy para gisingin ang mantika. Para hindi dumikit ang itlog sa kawali. Pag nagkataon, wasak. Pakaiingatan ng husto ang dilaw sa gitna para hindi mabasag at kumalat. Pero ano mang ingat niya kapag nasa loob na ito ng Tupperware at nasa loob na ng kanyang bag, hindi na rin nakatatakas sa pagkabasag dahil sa pagkatagtag sa paglalakad niya papasok sa eskwela. Pagbukas niya ng kanyang baunan ay sumabog na sa kanin ang dilaw.

Kagabi, katulad ng ibang pagkakataon niyang magluto ng itlog, maingat pa rin naman niya itong binasag sa kawaling sapot na ang init at mantika. Pero dahil bugok, bumulwak agad ito sa kawali. Mabilis itong naamoy ni Tiyang Linda na sa mga sandaling iyon ay tinatanaw ang buwan at nag-iisip kung paano na naman mag-aalmusal ang mga bibig sa paligid niya kinaumagahan. Agad na nagpakawala ng masasakit na salita. Parang binasag na itlog si Inggó sa init ng ulo ng kanyang tiyang. Talagang lahat ng sabihin nito ay dumidikit sa kanya. Samantalang ito pa lang naman ang unang itlog na bugok na naiwi ni Inggó sa kanilang bahay. Lahat, silang magpipinsan ay nadamay ng matatabil na dila ng kanilang tiyang. Kung paanong ang simpleng usapin sa pagiging bugok ng itlog ay tumagos sa kanya at nakapagbasag pa ng ibang usapan tungkol sa pag-iwan sa kanya ng kanyang nanay na sumama sa isang dayo at hindi na bumalik kailanman. Kumalat ang galit ni Tiyang Linda sa kusina hanggang sa sala at isa-ising inungkat ang mga kuwento nilang magpipinsan. Walang makapagpigil sa galit ni Tiyang Linda kundi ang mga hampas ng alon sa dalampasigan na maririnig mula sa kanilang bakuran. Huhugasan na sana ni Inggó ang kawali para muling masalangan ng iba pang itlog. Pero sinaway na siya ng kanyang tiyahin. Mauungkat pa na kay Aling Nena niya binili ang mga itlog. Kaya lalong nanggalaiti ang ginang na nakabuo na ng desisyon na walang kakain sa gabing iyon at bukas na bukas, bago pa magliwanag kailangan naisauli na niya ang mga itlog sa tindahan.

Nakikipagsabayan sa tilaok ng mga manok ang atungal ng sikmura ni Inggo. Hindi naman na talaga pumapasok sa isip niya ang kanyang nanay, ang kanyang nanay na nang-iwan sa kanya. Una, paano niya kaya iyon alalahanin, e, wala siyang maalalang larawan ng ina sa isip niya. Ni picture niya noong pagkadalaga ay wala namang naiwan sa kanilang bahay. Kaya kapag sinusubukan niyang alalahaning may nanay siyang kung nasaang lupalop ng mundo, mga mukha ng turistang foreigner lang ang naiimagine niya. Kaya noong dating pwede pang maligo sa pier at manghingi ng mga barya sa mga turistang sumasakay ng lantsa, umuurong ang mga biyas niya at nawawalan siya ng gana sa pakikiagaw sa barya sa ibang bata kapag may mga nakikita siyang mga foreigner na naghahagis ng barya. Pangalawa, hindi naman niya kailangang alalahanin. Si Tiyang Linda na ang nanay niya. Matagal na niyang tinanggap ang pagiging matalim ng mga dila nito. Nagkakaganiyan lang naman ang kanyang tiyang kapag bilog ang buwan at wala sa kanyang tabi ang kanyang asawa. Iba lang talaga ang paraan nito ng pagmamalasakit sa kanila, pasigaw. Pero sa gabi siya pinakatahimik. Kinukumutan niya sila ng mahihinang tapik sa loob ng kulambo kasabay ng malambing na paghampas ng alon sa dalampasigan. Sa umaga, para na namang busina ng barko ang kanyang bibig. Wala talagang nakakikita kung paano siya magmahal.

Patuloy pa rin siya sa pag-iisip kung paano magandang simulan ang kanyang sasabihin sa tindahan. Lalo pa't kahit tubong-Pandan ay malakas ang dugong-Tsino na nananalaytay kay Aling Nena sa usapin ng mga pamahiin. Malas ang pagbabalik ng pinamili sa ganitong bahagi ng umaga. Natatanaw na niya ang saod, ang nababakbak na pintura sa saod. Naghahalo ang kanyang pagkalito sa mga salitang bibigkasin, ang antok, at ang nagpalipas na gutom. Lumambot at bumigay ang kanyang tuhod sa isang nakausling bato at naibagsak niya sa kalsada ang natitirang itlog. Nabasag. Sumabog ang pula nito kasabay ng pagsabog ng araw sa kalangitan.

III.

Dalawa ang krimen ng dalawang batang kumakain ng isaw sa may saod. Una, pagtakas sa pagtulog sa tanghali at pangalawa pangungupit ng kung ilang pirasong barya sa alkansya sa altar ng Mahal na Birheng Maria. At ang lahat ng ito, ay para sa tig-isang stick ng isaw.

Paunti-unti lang kung paano nila kainin ang kanilang mga isaw. Tipong bawat liko ng isaw, isang kagat, isang sawsaw. Wala namang pakialam ang aleng nagbabantay sa ihawan. Palibhasa papakagat pa lang ang hapon at itong dalawang bata pa lang ang kanyang customer. Wala ring pakialam ang dalawang batang ito kung sumayad na sa garapon ng sawsawan ang kanilang mga daliri at kamay. Bahala na rin kung matuluan ng sauce ang kanilang mga tsinelas at paa. Basta wag na wag lang masayaran ang kanilang mga damit, magiging ebidensya iyon kung magkakataon. Sige lang sila sa pagpapatirapa sa balumbon ng usok mula sa ihawan. Habang paunti-unti, nauubos ang kanilang mga nginunguyang isaw. Kapag nauubos na nila ang tig-isang stick ng ihaw. Doon na magsisimula ang kanilang pakikipagsapalaran sa natutulog na saod.

Una nilang pupuntahan ang mga tindahan ng laruan. Sisipatin kung nandun pa rin ang mga manika at baril-barilan na ipabibili nila sa pasko. Nandun pa. Marami pa. Makakahinga pa sila nang maluwag lalo na ang batang babae. Kapag dumarating ang dalawang bata, palaging handa na ang Intsik na may-ari ng tindahan ng laruan sa isasagot sa mga batang suki sa pagtatanong kung "magkano po ito, magkano po iyan?" Bagay na magmula pa lang naman noong una beses nilang itanong ay hindi naman na nagbago ang presyo. May ilang pagkakataon na may dala na silang pera, galing pa rin sa alkansya ng Mahal na Birheng Maria. Kapag sinabi ng matandang Intsik na sitenta pesos, mapapakamot ang dalawa at mapapatanong kung magkano ang "sitenta". Tapos ay bibilangin nila ang tigpipisong barya na palagi namang hindi umaabot ng bente pesos. Kaya ang pagkayamot nila sa mga laruang hindi mabili-bili

ay nauwi na lang ulit sa pagbili ng kung ilang stick ng isaw ang kakasya sa kanilang mga barya.

Anak ng katulong si Marie, ang batang babae at si Buboy naman, ang batang lalake ay anak ng may-ari ng bahay. Kung tutuusin hindi naman kailangan ni Buboy ng laruang baril-barilan, marami na siya noon at lahat galing pa sa Maynila at ibang bansa. Hindi niya rin naman kailangang mangupit ng barya o ng kumain ng kung ilang piraso ng stick ng isaw. Ano mang gustuhin niyang pagkain ay nakikita niya sa ref at maaari niyang ipabili sa kanyang nanay na nasa abroad. Pero kapag nakikita niya si Marie na dahan-dahang hinahakbangan ang humihilik niyang nanay na si Ate Minday sa kanilang kwarto, at tumatakas pababa, papunta sa saod, nakakaramdam siya ng malaking kakulangan. Naiinggit siya dito. Parang masayang gawin, sa isip niya. Kaya noong minsang ayain siya ng batang babae ay hindi na siya nagdalawang isip.

"May pera ka ba?" Tanong sa kanya ni Marie. Noong mga unang beses palang si Marie pa lang ang lumalakad nang mag-isa sa saod, may mga pagkakataon na kumukupit ito ng saging, mansanas, at dalandan sa prutasan. Kapag naitakas na niya ang mga ito, para siyang dagang mabilis na kakaripas paakyat pupunta sa pinakataas na bahagi ng saod at doon niya kakainin ang lahat ng kanyang nasikwat na pagkain. Kaya ngayong dalawa na sila, biglang tinubuan ng konsensya si Marie at hindi na muna nangupit sa prutasan. Wala silang ibang magawa kundi makinood sa mga pelikulang pinapalabas sa tindahan ng DVD. Pinapayagan naman sila ng may-ari basta't wag lang masyadong mag-iingay. Noong minsang natapos na ang kanilang pinapanood kumalam ang sikmura ni Buboy. Naalala niyang may sukli pa siya sa biniling tinapay kaninang umaga. Inilabas niya ito mula sa kanyang bulsa at iyon ang unang beses nilang kumain ng isaw nang sabay. Hindi niya alam kung iyong lasa ba talaga ng isaw ang nakakaadik na gusto niyang balik-balikan, o iyong pakiramdam na maging malaya sa mata ng kanyang lola at ng iba pang nagbabantay sa kanya? Simula't sa pul kasi palagi na siyang bihag-bihag ng bisig ng kanyang lola. Kaya ngayong nasa Maynila ito para

III.

Dalawa ang krimen ng dalawang batang kumakain ng isaw sa may saod. Una, pagtakas sa pagtulog sa tanghali at pangalawa pangungupit ng kung ilang pirasong barya sa alkansya sa altar ng Mahal na Birheng Maria. At ang lahat ng ito, ay para sa tig-isang stick ng isaw.

Paunti-unti lang kung paano nila kainin ang kanilang mga isaw. Tipong bawat liko ng isaw, isang kagat, isang sawsaw. Wala namang pakialam ang aleng nagbabantay sa ihawan. Palibhasa papakagat pa lang ang hapon at itong dalawang bata pa lang ang kanyang customer. Wala ring pakialam ang dalawang batang ito kung sumayad na sa garapon ng sawsawan ang kanilang mga daliri at kamay. Bahala na rin kung matuluan ng sauce ang kanilang mga tsinelas at paa. Basta wag na wag lang masayaran ang kanilang mga damit, magiging ebidensya iyon kung magkakataon. Sige lang sila sa pagpapatirapa sa balumbon ng usok mula sa ihawan. Habang paunti-unti, nauubos ang kanilang mga nginunguyang isaw. Kapag nauubos na nila ang tig-isang stick ng ihaw. Doon na magsisimula ang kanilang pakikipagsapalaran sa natutulog na saod.

Una nilang pupuntahan ang mga tindahan ng laruan. Sisipatin kung nandun pa rin ang mga manika at baril-barilan na ipabibili nila sa pasko. Nandun pa. Marami pa. Makakahinga pa sila nang maluwag lalo na ang batang babae. Kapag dumarating ang dalawang bata, palaging handa na ang Intsik na may-ari ng tindahan ng laruan sa isasagot sa mga batang suki sa pagtatanong kung "magkano po ito, magkano po iyan?" Bagay na magmula pa lang naman noong una beses nilang itanong ay hindi naman na nagbago ang presyo. May ilang pagkakataon na may dala na silang pera, galing pa rin sa alkansya ng Mahal na Birheng Maria. Kapag sinabi ng matandang Intsik na sitenta pesos, mapapakamot ang dalawa at mapapatanong kung magkano ang "sitenta". Tapos ay bibilangin nila ang tigpipisong barya na palagi namang hindi umaabot ng bente pesos. Kaya ang pagkayamot nila sa mga laruang hindi mabili-bili

magpatingin sa doktor at si Ate Minday lang ang nagbabantay sa kanya, sinamantala niya ang pagpikit ng mga ito. Kaya sa mga sumunod na araw, ay natutuhan na rin ni Buboy na magdelihensya para sa kanilang pang-isaw sa tanghali. Noong una, may nakita siyang singkwenta pesos sa kwarto ng kanyang lola. Puno man ng takot ang kanyang murang dibdib ay naging matagumpay naman siya sa pagbubulsa nito. Kaya noong alam niyang tulog na si Ate Minday ay mabilis niyang sinensyasan si Marie para lumabas ng kwarto. Agad niyang ipinakita ang singkwenta pesos sa kanya at nagtatalon sila sa tuwa papuntang saod. Pakiramdam nila, sila na ang pinakamayamang bata sa isla noong panahong iyon. Maliban sa stick ng isaw, bumili rin sila ng pancake, ng itlog ng pugo, at ng softdrinks. Ang natira ay itinabi nila para sa iba pa nilang pagtakas.

Noong maubos na ang kanilang tumataginting na singkwenta pesos sa mga sumunod na tanghali, doon na nila naalala ang Mahal na Birheng Maria sa kanilang altar, o ang alkansya ng mga donasyon para dito. Naging masagana na naman ang kanilang tanghali sa saod. Bilang kapalit ng pangungupit ay ang kanilang pagyukod ang pananalangin sa mahal na ina, na sana ay walang makakita at makahuli sa kanila.

Kailangan bago kumagat ang alas kwatro, nasa bahay na sila at higit sa lahat katabi na dapat ulit ni Marie si Ate Minday. Kung anong hirap ng pagtakas ay sira ring hirap ng pagbalik. Kailangang suriing mabuti ang katawan mula sa kung ano mang ebidensyang naikabit sa kanila ng isaw at ng buong saod. Kailangan nilang tumakbo pabalik hindi lang para habuling ang kamay ng orasan na kakalabit sa natutulog na si Ate Minday kundi para na rin maipagpag ang amoy ng isaw at usok na kumapit sa kanilang mga katawan. At isang beses naunahang gumising ni Ate Minday si Marie, at iyon pa 'yong kain namin ng isaw na natuluan siya ng sauce sa damit. Nasa pintuan pa lang sila, galit na galit na siya hawak ang mahabang sinturon. Gusto man ni Buboy na pagtakpan si Marie ay nasindak din siya ng tikas ng kanyang Ate Minday. Mabilis na pinapasok si Marie sa kanilang kwarto at si Buboy naman ay pinaakyat sa kanilang kuwanto. Kahit pa isang palapag ang pagitan ng dalawang bata sa isa't isa ay naririnig

ni Buboy ang iyak ni Marie, maging ang mga hagupit ng sinturon sa katawan nito. Parang nararamdaman niya rin ang mga haplit niyon. Sa hapunan na ulit sila nagkaharap ni Marie. Wala silang imikan at hindi makatingin sa mata ng isa't isa. Iyong araw na iyon ang huling beses nilang titikim ng isaw sa saod. Sa mga sumunod na linggo pinabalik na si Marie sa Gigmoto dahil magsisimula na ang klase. Nakauwi na rin ang lola ni Buboy na naging abala sa paglilipat ng imahen ng Mahal na Birhen sa kanyang kasister. Bago tuluyang naibaba ang Mahal na Birhen ay animo'y nginitian nito ang namumutlang mukha ni Buboy. Para bang sinasabing, tayo lang ang nakakaalam. Minsan kapag may natitira siyang baon sa eskwela ipapadpad siya ng kanyang mga paa papunta sa balumbon ng usok sa ihawan sa may saod.